

Mga Tampok mula sa Update ni Dr. Bishop mula sa 11/1/2020

Si Dr. Bishop ay nakatuon sa kaligtasan at kagalingan ng aming mga mag-aaral, pamayanan at mga kawani. Nakatanggap siya ng maraming email na sumusuportang pareho sa muling pagbubukas at pagpapanatiling sarado ng mga paaralan. Sa oras na ito, nararamdaman niya na ito ay para sa pinakamabuting interest na magbukas ng mga paaralan na may planong ibalik ang PreK-2nd na baitang at mga ilang klase sa Special Education tulad ng nakabalangkas na pag-aaral, Mga Kasanayan sa Buhay at Extended Resource sa elementarya at Whaley. Ang mga paaralang ito ay bubuksan ayon sa plano, ika-16 ng Nobyembre, 2020 mula 9:30 - 3:00. May iba't ibang mga oras ang Prek.

Pinasasalamatang ni Dr. Bishop ang pamayanan para sa pagtulong na panatilihin ang ating komunidad. May pagpipiliin pa rin ang mga magulang:

- Ang mga magulang ay maaaring lumipat sa ASD virtual na kasama na ngayon ang araw-araw na mga aralin sa zoom sa ELA at matematika kasama ang isang virtual na guro.
- Ang mga mag-aaral ay maaaring pumasok sa paaralan sa mga baitang sa itaas at tumanggap ng pagtuturo nang personal
- Ang mga pamilya ay maaari ring manatili sa kanilang kasalukuyang paaralan sa ASD kasama ang kanilang kasalukuyang mga guro sa silid-aralan at maghintay upang makita ang diskarte na ididisenyo ng bawat paaralan sa canvas. Ang pag-zoom ng live ng mga aralin sa silid-aralan habang ang mga bata ay nasa paaralan ay hindi magagamit; gayunpaman, ang ilang mga paaralan ay maaaring bumuo ng mga pagpipilian para sa mga mag-aaral at pamilya.

Ang mga paaralan ay nakatuon sa paglikha ng mga plano upang panatilihin ang mga mag-aaral sa pagdidistansya sa bawat-isa, mga protocol sa paglilinis at mga abiso ng mga kaso at tugon sa COVID. Ang mga mag-aaral sa paaralan ay kinakailangang mag-mask. Mangyaring magpadala ng mga mask na muling magagamit kung maaari. Ang plano sa kalusugan at kaligtasan ng bawat paaralan ay ipo-post [dito](#).

Mangyaring makipag-ugnay sa inyong paaralan kung mayroon kayong mga karagdagang katanungan. Nandito rin ang aming mga tagasalin at mga tagapag-ugnay ng paaralan upang matulungan kayo.

Ang buong liham ni Dr. Bishop sa Ingles ay nakalakip; gayunpaman, sinusubukan naming bunutin at ibigay ang mga pinaka-kaugnay na detalye na maaaring kailanganin ninyo sa paggawa ng inyong desisyon. Bilang isang kagarawan na ang responsibilidad ay magbigay ng mga pagsasalin, bukas kami sa feedback. Kung ang pagbubuod ng impormasyon ay hindi nakatutulong mangyaring ipaalam sa amin sa pamamagitan ng pag-email sa interpreterrequest@asdk12.org.